



## Mga Karapatan at Resources ng Mamimili Bilang Tugon sa Kamakailang Mga Bankruptcy ng Negosyo sa Panahon ng Pandemyang COVID-19

Naglabas si Attorney General Xavier Becerra ng isang alerto sa mamimili tungkol sa mga bankruptcy ng negosyo at mga karapatan ng mamimili sa gitna ng pandemyang COVID-19.

Nahaharap ang mga pamilya, negosyo at komunidad sa buong bansa sa walang katulad na pinansiyal na paghihirap bilang resulta ng pampublikong emergency sa kalusugan. Nagdulot ang epekto ng pandemya sa ekonomiya na maraming mga kumpanya - tulad ng J.C. Penney, J. Crew, Dean & DeLuca, Gold's Gym, Hertz, at mga negosyong nakabase sa California tulad ng mga nagpapatakbo sa sentro ng pampamilyang libangan na may pangalang "Boomers!" at ang pambatang kampo na may pangalang "Camp Galileo" - na mag-file ng bankruptcy.

Patuloy na mahirap ang klima ng ekonomiya para sa mga negosyo, at dapat malaman ng mga mamimili ang kanilang mga karapatan sa mga pagsubok na ito. Hinihikayat ng Attorney General ang mga mamimili sa California na alamin ang kanilang mga karapatan at hinihikayat ang sinumang naniniwala na hindi tumutupad ang isang negosyo sa mga obligasyon na mag-file ng reklamo sa [oag.ca.gov/report](https://oag.ca.gov/report).

### Mga Karapatan ng Mamimili sa Bankruptcy - Mga sertipiko ng regalo (Gift certificates) at mga deposito

- **Wala na bang halaga ngayon ang mga sertipiko ng regalo na inisyu ng negosyo?** Dapat may halaga pa. Partikular na pinoprotektahan ng batas ng California ang mga sertipiko ng regalo. Pag-aari mo ang perang ibinayad sa isang sertipiko ng regalo, hindi ang negosyo. (Civ. Code, § 1749.6, subd. (a).) Dapat magpatuloy na tanggapin ng isang negosyo ang iyong mga sertipiko ng regalo, kahit na nag-file ito ng bankruptcy. (Civ. Code, § 1749.6, subd. (b).)
- **Ano ang mangyayari sa aking pera kung nagbayad ako nang maaga o nagbayad ng deposito para sa isang bagay na hindi pa naibigay ng negosyo sa akin?** Upang maprotektahan ang mga mamimili, nagbibigay ang Bankruptcy Code sa mga mamimili ng isang "priyoridad" na claim ng hanggang \$3,025 para sa isang deposito na ibinayad sa mga hindi naibigay na produkto o serbisyo. (11 U.S.C. § 507(a) (7).) Bagama't hindi ito nangangahulugang ibabalik sa iyo ang lahat ng iyong pera mula sa isang bankrupt na negosyo na permanenteng nagsara, madalas ay nangangahulugan ito na karapat-dapat kang mabayaran hanggang \$3,025 kung mananatiling bukas ang isang negosyo pagkatapos ng bankruptcy. (11 U.S.C. § 1129(a)(9)(B).)

## Pangkalahatang Impormasyon sa Bankruptcy Para sa Mga Mamimili

- **Kung mag-file ng bankruptcy ang isang negosyo na may utang sa mga mamimili, dapat isaalang-alang ng mga mamimili ang pagsumite ng isang "Proof of Claim" sa bankruptcy.** Ito ay isang simple at tatlong pahina na form na humihiling sa iyo na magbigay ng impormasyon kung bakit may utang sa iyo ang negosyo. Makukuha [rito](#) ang isang template na may pangalang Proof of Claim. Kung may hawak na mga deposito ng mamimili ang isang negosyo sa panahon ng pag-file ng bankruptcy, dapat isaalang-alang ng mga mamimili na nagdeposito na mag-tsek sa box 12 (tungkol sa priority claims) at ang box sa tabi ng salitang "Up to \$3,025\* of deposits toward purchase, lease, or rental of property or services for personal, family, or household use. 11 U.S.C. § 507 (a) (7). "
- **Maaaring awtomatikong makatanggap ang mga mamimili na may claim ng mga abiso sa bankruptcy tungkol sa mga deadline at pagpupulong, ngunit hindi ito palaging nangyayari.** Karaniwan nagtatayo ang mga bankrupt na negosyo ng mga website upang magbigay ng impormasyon sa publiko tungkol sa bankruptcy. Madalas naglalaman ang mga website na ito ng mahalagang impormasyon tungkol sa paparating na mga petsa, payagan ang mga mamimili na mag-file ng Proof of Claim, at magbigay ng mga numero ng telepono at email address upang maghanap ng karagdagang impormasyon. Makatutulong ang isang internet search sa paghahanap ng mga website na ito. Halimbawa, maaari mong i-click ang mga susunod na link upang ma-access ang mga website para sa mga bankruptcy na nabanggit sa itaas: [J.C. Penney](#); [J. Crew](#); [Dean & DeLuca](#); [Gold's Gym](#); [Hertz](#); [Boomers!](#); at [Camp Galileo](#).

## Karagdagang Mga Resources ng Mamimili

Naglalaan ang mga Bankruptcy Courts sa buong California ng impormasyon at mga form para sa mga nagpautang; makukuha mo ang impormasyong [dito](#) para sa Central District (nasa Los Angeles ang headquarters), [dito](#) para sa Northern District (nasa San Francisco ang headquarters), [dito](#) para sa Southern District (nasa San Diego ang headquarters), at [dito](#) para sa Eastern District (nasa Sacramento ang headquarters). Matatagpuan ang mga resources at tulong para sa mga walang abogado [dito](#) para sa Central District at [dito](#) para sa Northern District. Tandaan na dahil sa COVID-19, ang mga iskedyul ay maaaring magbago at ang ilang mga korte ay maaaring nag-aalok ng remote assistance.

Ang Attorney General ay ang punong opisyal ng batas ng California at may responsibilidad na kumatawan sa "mga tao" ng ating estado, hindi mga partikular na indibidwal o grupo; samakatuwid, hindi siya maaaring kumatawan o magbigay ng ligal na payo sa mga indibidwal o grupo. Kung interesado kang maghanap ng mga serbisyong ligal na pro bono, mangyaring bisitahin ang <http://lawhelpca.org/> at i-click ang "Search for Legal Help" na tab sa pahina.

Kung naniniwala ka na hindi ginagalang ng isang bankrupt na negosyo ang iyong mga karapatan ng bankruptcy, maaari kang magfile ng reklamo sa opisina ng Attorney General sa [oag.ca.gov/report](http://oag.ca.gov/report).

Para sa tulong sa paghahanap ng isang pribadong abogado, maaari mo ring tawagan ang State Bar sa [\(866\) 442-2529](tel:8664422529) o [\(415\) 538-2250](tel:4155382250), o bisitahin ang <http://www.calbar.ca.gov/>.